# Ang Tatak ng Halimaw (666)

## Ano ang sinasabi ng bibliya tungkol sa Tatak ng Halimaw?




Mga Pahayag 13: 15-18

At siya'y pinagkalooban makapagbigay ng hininga sa larawan ng halimaw, upang ang larawan ng halimaw ay makapangusap, at maipapatay naman ang lahat ng hindi sumasamba sa larawan ng halimaw. At ang lahat, maliliit at malalaki, at mayayaman at mga dukha, at ang mga laya ang mga alipin ay **pinabigyan ng isang tanda sa kanilang kanang kamay, o sa noo:** At nang huwag makabili o makapagbili ang sinoman, kundi siyang mayroong tanda, sa makatuwid ay ng pangalan ng halimaw o bilang ng kaniyang pangalan. Dito'y may karunungan. Ang mga pagkaunawa ay bilangin ang bilang ng halimaw; sapagka't siyang bilang ng isang tao: at ang kaniyang bilang ay Anim na raan at anim na pu't anim o 666.

Mga Pahayag 14: 9-11



At ang ibang anghel, ang pangatlo, ay sumunod sa kanila, na nagsasabi ng malakas na tinig, "Kung ang sinoman ay sumasamba sa halimaw at sa kaniyang larawan, at tumatanggap ng tanda sa kaniyang noo, o sa kaniyang kamay, Ay iinom din naman siya ng alak ng kagalitan ng Dios, na nahahandang **walang halo** sa inuman ng kaniyang kagalitan; at siya'y pahihirapan ng apoy at asupre sa harapan ng mga banal na anghel, at sa harapan ng Kordero: At ang usok ng hirap nila ay napaiilanglang magpakailan kailan man; at sila'y walang kapahingahan araw at gabi, silang mga nagsisisamba sa halimaw at sa kaniyang larawan, **at sinomang tumatanggap ng tanda ng kaniyang pangalan. (ito ay 666)"**

Maraming haka-haka na kung papaano ang lahat ng ito ay magaganap, subalit makakatiyak ka rito…

SINUMAN ang tumanggap ng tatak ng halimaw 666 ay napahamak!

Doon ay **WALA nang pagpihit pabalik, WALA nang kapatawaran, WALA nang ikalawang pagkakataon, WALA nang pagtutubos, WALA nang kaligtasan!**

Huwag mong isipin na…"***Mauunawaan ng Diyos, Papatawarin Niya ako sa pagtanggap ng tatak, Siya ay mahabagin at ayaw Niyang mawala ang aking buhay. Hindi ako dapat mag-alala; maaari pa rin akong maligtas, tama?*** ***MALI!!!!***

Kung makuha mo itong tatak ng halimaw 666 sa iyong noo o sa iyong kamay, tapos ka na! HINDI ka na maliligtas! Ipinahayag mo ang iyong katapatan sa halimaw. Magkakaroon ng malaking kagulumihanan at kapighatian sa oras na ang tatak ay ipinakalat. Magmumukhang ito ang pinaka mainam na gawin upang maligtas, lulutas ng maraming problema. Malaking kabigatan ang bababa sa iyo upang kunin ito, tulad ng pagpapahirap, mawalan ng buhay, mawalan ng trabaho, mawalan ng mga anak, mawalan ng mga ari-arian, karangalan, tahanan, mga kalayaan, mga braso, binti, atbp. Ang mga propeta ay binalaan na ang diablo ay hindi papayag na ang mga tumanggi ay basta na lamang putulan ng ulo, subalit pahihirapan niya sila ng katakut-takot na pahirap upang tanggapin nila ang kanyang tatak. Hindi ka maaaring bumili o magbenta ng anuman kung wala ang tatak. Sa punto ng oras na iyon, DAPAT kang maging handang mamatay sa halip na magpatatak. Dapat kang maging handan sa pagharap sa kamatayan sa halip na tanggapin ang tatak ng halimaw, anuman ang maging kaparusahan. Huwag kang makipagkasunduan, at huwag kang magkakamali sa bagay na ito, sila na tatanggap ng tatak, kahit mga mananampalataya, **ay HAHATULAN sa buong kapuotan ng Diyos magpakailanman!**

WAG mo subukan na mag-pakamatay para lang maiwasan mo ang pag-hirap, o' kaya para maiwasan mo ang pag-tanggap sa bilang ng halimaw (mark of the beast) 666 dahil gusto mong maligtas. Ang mag-pakamatay ay hindi nakakatulong, mag-pakamatay ay tumutungo papuntang sa impyerno, kahit ikaw ay kristiano na nananampalataya ng diyos. Wag mong gawin 'yan. kahit ikaw ay hindi naniniwala sa Hesus, at tumatanggi ka para tumanggap ng bilang ng halimaw (mark of the beast) hindi pa rin 'yon nakakaligtas. Dapat kang maniwala, magsisi at magpahayag ng paniniwala kay Hesus, at tumanggi ka sa pag-tanggap ng marka, 'yon lang ang paraan upang maligtas ka.



Subalit mayroong pag-asa sa mga maiiwan, na tumangging tanggapin ang Tatak ng Halimaw at pinatay dahil sa kanilang pananampalataya.



Mga Pahayag 20:4

**At nakakita ako ng mga luklukan, at may mga nagsisiluklok sa mga ito, sila'y pinagkalooban ng paghatol: at nakita ko ang mga kaluluwa ng mga pinugutan ng ulo dahil sa patotoo ni Hesus, at dahil sa salita ng Diyos, at ang mga hindi sumamba sa halimaw, o sa kaniyang larawan man, at hindi tumanggap ng tanda sa kanilang noo at sa kanilang kamay; at sila'y nangabuhay, at nagsipagharing kasama ni Kristo sa loob ng isang libong taon.**